**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# EPEKTIBIDAD NG ESTRATEHIYANG READ-ALOUD WITH QUESTIONING SA PAGTUTURO NG KASANAYAN SA PAG-UNAWA SA BINASA NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 9 SA FILIPINO

**RENICA M. SOLIS**
Teacher III
Western Leyte College
Master of Arts in Education
Major in Filipino
renica.solis029@deped.gov.ph

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epektibidad ng teknik na read-aloud with questioning sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa asignaturang Filipino sa Mataas na Paaralan ng Ipil, Ormoc City District II, Ormoc City Division. Gumamit ito ng quasi-experimental design na may paunang at panapos na pagsusulit upang masukat ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Ang tatlumpo't limang (35) mag-aaral ang naging kalahok sa pag-aaral. Bago ang interbensyon, ipinakita ng resulta na karamihan sa mga mag-aaral ay may mababang antas ng pagganap, na may timbang na mean na 6.37 (Mababa). Pagkatapos naman ng interbensyon, kapansin-pansing tumaas ang kanilang marka, na may timbang na mean na 21.97 (Mahusay). Sa pamamagitan ng t-test (computed $t = 6.53 >$ critical $t = 2.04$, $p < 0.05$), napatunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa panimulang at panapos na resulta. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng read-aloud with questioning ay epektibong nakapagpataas ng antas ng pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, maaaring ipakahulugan na ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo—lalo na yaong nagtataguyod ng aktibong pakikilahok at pagsusuri ng mga mag-aaral—ay may malaking ambag sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Mga rekomendasyon ng pag-aaral ang pagpapatuloy ng paggamit ng epektibong

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

teknik sa pagtuturo, pagsasagawa ng mga seminar-workshop para sa mga guro, at pagpapalakas ng kolaborasyon sa pamamagitan ng Learning Action Cell (LAC) sessions. Hinihikayat din ang mga susunod na mananaliksik na palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral sa iba't ibang asignatura at konteksto upang higit pang mapagtibay ang mga natuklasan.

**Mga Susing Salita:** *Epektibidad, Estratehiyang Read-Aloud with Questioning, Pagtuturo, Kasanayan sa Pag-unawa sa Binasa, Filipino*

## PANIMULA

May mga makrong kasanayan na dapat mahasa sa mga mag-aaral. Isa na dito ang pagbasa. Ang pagbasa ay isa sa mga may pinakamalaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa tulong nito ay napapalawak ang pag-unawa at pag-intindi ng mga aralin sa klase na nagreresulta sa pagdagdag ng kaalaman. Ang pagbasa ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay ng mga mag-aaral upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto. Ito ay may malaking kaugnayan sa iba pang makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagsulat, at panonood ng isang tao dahil nagkakaroon ng kakayahang makabuo ng mga kaisipan at makapagpahayag ng damdamin at maayos na makipagkomunikasyon sa lahat ng disiplina o larangan. Ang mga kaisipang nakukuha at nabubuo sa pamamagitan ng pagbasa, pakikinig, pagsasalita at panonood ay maaaring sulatin upang maibahagi sa iba.

Ang pagbasa ay nagtataglay ng maraming kahulugan batay sa sitwasyon. Iba-iba ang pagpapakahulugan nito batay sa mga manunulat at dalubhasa bagamat iisa ang kaisipang nakapaloob dito. Ang pagbasa ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay ng mga mag-aaral upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto.

Ayon sa Diksyunaryo ni Webster, ang pagbasa ay isang kilos o gawa ng isang taong bumabasa at pag-unawa sa kahulugan ng isang aklat, sulatin at iba pang nasusulat na bagay. Ayon naman sa Wikipedia, ang pagbabasa ay ang proseso ng pagkuha at pag- unawa sa ilang

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

anyo ng inimbak o nakasulat na impormasyon o ideya. Kadalasang ang mga ideya ay kinakatawan ng ilang uri ng wika bilang mga simbolo na sinusuri ng paningin o hipo (halimbawa Braille).

Ayon kay Akyol (2013), ang pagbasa ay isang dinamikong proseso na kinabibilangan ng mambabasa at may-akda na nakikipag- ugnayan sa isa't isa upang magkaroon ng kahulugan ang binabasa. Binigyang kahulugan naman ni Gunes noong 2013 na ang pagbasa ay isang proseso kung saan ang dating kaalaman at impormasyon mula sa teksto ay pinagsama-sama at muling binibigyang kahulugan, ay binubuo ng iba't ibang proseso na kinasasangkutan ng ating mga mata, tainga, at utak, kabilang ang pagdamay, pagbigkas, pagbibigay-kahulugan, at pagbabago sa isip.

Ayon sa Wikipedia (2024), ang klasikong ―How to Read a Book‖ nina Adler at Van Doren (1940) ay nagbigay-diin sa apat na pangunahing antas ng pagbabasa: elementarya, inspeksyonal na pagbasa, analytikal na pagbasa, at sintopikal na pagbasa. Ang antas na primarya (elementarya) ay panimulang pagbasa sapagkat pinapaunlad dito ang rudimentaryong kakayahan. Ibig sabihin, dinedebelop ito mula sa kamangmangan. Elementaryang pagbasa rin ito dahil sinisimulang ipinatuturo sa paaralang elementarya. Sa primarya, wika ang pokus. Ang pagkilala sa aktwal ng mga salita at ang pagpapamalay sa kahulugan ng unang konseptrasyon ng primarying pagbasa. Ang inspeksyunal o mapagsiyasat na antas, panahon ang pinakamahalaga. Itinatakda sa limitadong oras ang pagbasa. Dahil sa limitadong pagbasa, hindi lahat ng nasa aklat ay babasahin kundi ang superfisyal o espisipiko na kaalaman lamang. Ang kailangan sagutan habang nagbabasa ay: Tungkol saan ang libro? Anu-ano ang mga bahagi nito? Anong uri ito ng Nobela ba? Babasahin- kasaysayan ba? Diskurso ba? Tinatawag din itong pre-reading o sistematikong iskiming. Ang antas na mapanuri o analitikal ay aktibo. Dapat intindihing mabuti ang ipinapakahulugan sa pamamagitan ng malinaw napag-iinter. Interpratibo ito, samakatuwid, sapagkat matalinong hinihinuha ang mga pahiwatig at tagong kahulugang matatagpuan wika nga, sa pagitan ng teksto o linya. Mahalaga rito ang malalim na nakapaloob na kaisipan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Pinakamataas na antas ang sintopikal na pagbasa. Pag-uunawang integratibo ang kailangan sa antas na ito. Komplikado at sistematikong pagbasa ito. Humahamon sa kakayahan ng bumabasa. Komparatibo rin ito. Ibig sabihin, dapat marami nang nabasang libro ang bumabasa para makapagiba-iba, makapagsuri, makapamuna at makapagpahalaga, kaya naman kahit maraming gawain ang pagbasa rito, marami namang nakukuhang benepisyo. Mahalaga na ang mga mag-aaral ay naiintindihan ang kanilang binabasa. Dapat ang lahat ng mga batang nasa edad sampu ay nakakabasa. Ayon sa World Bank noong 2022, hindi bababa sa 90% ang learning poverty ng Pilipinas - siyam (9) sa sampung (10) mga batang Pilipino na may edad sampu (10) ang nahihirapan basahin at unawain ang simpleng teksto. Dahil dito, nahikayat ang mananaliksik na gumawa ng isang interbensiyon na makakatulong paunlarin ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral lalong-lalo na sa mataas na paaralan na mag-aaral. Ito ay naging gabay upang malaman o masuri ang kahalagahan ng Read-Aloud Technique sa pag-unawa sa pagbasa.

Ang pagbabasa nang malakas ay may kaugnayan din sa pag-unawa sa binasa (Álvarez-Cañizo et al., 2020). Ipinapakita ng mga ideyang ito na ang pagbabasa nang malakas ay isang mahalagang aspeto sa pagtuturo ng pagbasa. Sa kabila ng mga benepisyong dulot ng pagbabasa nang malakas, may ilang guro pa rin ang hindi gumagamit ng estratehiyang ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto dahil sa paniniwalang wala itong malaking pakinabang para sa mga mag-aaral (Rochman, 2018). Sa pagtuturo ng pagbasa sa mga mag-aaral, nakatuon ang mga guro sa paggamit ng mga estratehiya na makatutulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang binabasa, gaya ng tahimik na pagbabasa, skimming, o scanning, batay sa layunin ng pagbabasa. Bukod dito, bagaman gumagamit sila ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, hindi kabilang dito ang pagbabasa nang malakas dahil naniniwala silang hindi ito ganoon kahalaga.

At dahil dito, nahikayat ang mananaliksik na pag-aralan ang epektibidad ng estratehiyang read-aloud with questioning sa pagtuturo ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

ng mga mag-aaral sa baitang 9 sa Filipino sa kasalukuyang tinuturaan. Ang paggawa ng isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuuin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epektibidad ng estratehiyang read-aloud with questioning sa pagtuturo ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa baitang 9 sa Filipino ng Mataas na Paaralan ng Ipil, Ormoc City District II, Ormoc City Division. Ang paggawa ng isang mungkahing plano para sa pagpapabuti ang bubuuin batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Layunin din na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa bago gamitin ang teknik na read-aloud na may kasamang pagtatanong?

2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa pagkatapos gamitin ang teknik na read-aloud na may kasamang pagtatanong?

3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa bago at pagkatapos gamitin ang teknik na read-aloud na may kasamang pagtatanong?

4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

## METHODOLOGY

**Design.** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng “quasi-experimental” na uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit upang suriin ang bisa ng teknik na "read-aloud" upang mapahusay ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Baitang 9 sa Filipino. Ang panimula at panapos na pagsusulit ay isinasagawa bago at matapos mailahad ang paggamit ng mga gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita sa Filipino katulad ng talakayan, pagkukuwento (Storytelling), sabayang pagbigkas, panayan o Interview sa kamag-aral, laro ng "Sabihin Mo, Gawin Ko", paglalarawan ng larawan, role playing o pagpapanggap, laro ng "bugtong-bugtungan" o "sino ako?, show and tell, pagpapahayag ng saloobing at ng iba pa na gamit ang wikang Filipino. Isinagawa ang pananaliksik sa Mataas na Paaralan ng Ipil, Ormoc City District II, Ormoc City Division. Ang mananaliksik ay gumawa ng researcher-made na pagsusulit sa Filipino sa unang quarter gamit ang mga competencies na makikita sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng asignaturang Filipino para sa grades 9. Ito ay binubuo ng 30-item na binubuo ng mga asignaturang nakapaloob sa quarter na ito. Ito ay isasagawa bago at matapos ilapat ang mga gawaing pasalita. Sa karagdagan, ang mananaliksik ay gumawa ng banghay-aralin sa Filipino kung saan ang paggamit ng gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino gamit ang teknik ng sabayang pagbigkas, na gamit ang wikang Filipino. Ang paggamit ng mga gawaing ito ay gagawin sa loob ng apat na linggo.

**Sampling**. Ang mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay ang tatlumpo't-limang (35) mag-aaral sa baitang 9 na kasalukuyang naka-enroll sa lokal ng pananaliksik. Kumpletong pag-isa-isa ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga mag-aaral na tagatugon sa pag-aaral na ito.

**Research Procedure.** Matapos maaprubahan ang pananaliksik, isinagawa ang pangangalap ng datos. Isinumite ng mananaliksik ang mga kahilingan sa liham sa mga wastong awtoridad para sa pag-apruba. Una, isang sulat na kahilingan ang isinumite sa Schools Division Superintendent para sa pag-apruba upang magpatuloy sa pangangalap ng datos mula sa mga natukoy na respondente. Pagkatapos maaprubahan ng SDS, isinumite rin ang mga liham ng pahintulot sa Superbisor ng Distrito ng Pampublikong Paaralan at Punong-guro ng Paaralan. Matapos makuha ang lahat ng kinakailangang pahintulot, nagpatuloy ang mananaliksik sa aktwal na pangangalap ng datos. Nagsagawa ang mananaliksik ng oryentasyon sa mga respondente kasama ang kanilang mga magulang at humingi ng permit o pahintulot mula sa

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kanila bilang patunay ng kanilang kusang loob na pagpayag na lumahok sa pag-aaral ang kanilang mga anak. Isinagawa ang pagbibigay ng paunang pagsusulit sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay isinagawa ang pagpapatupad ng interbensiyon kung saan ang paggamit ng gawaing pasalita sa pag-unlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa sa Filipino gamit ang teknik ng sabayang pagbigkas, na gamit ang wikang Filipino ay naging makabuluhan sa pananaliksik na ito. Ang aktibidad na ito ay ginawa sa panahon ng pagtitipon ng datos. Pagkatapos ng interbensyon, isinagawa ang panapos na pagsusulit. Ang mga sagot ay sinuri, naidokumento, ini-tally, at isinumite para sa statistical treatment. Isang Matrix ng mga Aktibidad ang inihanda ng mananaliksik upang subaybayan ang pag-unlad ng pagtitipon ng datos.

**Ethical Issues.** Inuuna ng mananaliksik ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng mga datos. Nagkaroon din ng espesyal na pagbibigay ng pangangalaga sa mga kalahok upang makalikha ng isang positibong kapaligiran upang hindi makaramdam ng hindi maganda habang sumasagot ang mga kalahok sa bawat katanungan. Iginagalang din ng mga mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante na tinitiyak ang hindi sila napilit magbigay ng mga tugon labas sa kanilang mga kagustuhan. Bago isagawa ang pag-aaral, ang superbisor ng mga gurong nagsasanay ay nagbigay ng pahintulot na nagpapakita ng isang etikal at responsableng pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Tiniyak ng hakbang na ito na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman tungkol sa katangian ng pag-aaral, layunin nito at anumang potensyal na panganib o benepisyong nauugnay sa kanilang paglahok sa pananaliksik. Sa pagdaragdag, maingat na tiniyak din ng mananaliksik ang pagprotekta sa kompidensiyal at pagkakakilanlan ng mga kalahok at ang paaralang kasangkot. Ang mga personal na impormasyon at pagkakakilanlan ay pinangalagaan upang mapanatili ang mataas na kompidensiyal ng mga indibidwal na kalahok. Kabilang dito ang pagsunod ng naaangkop na mga hakbang sa pagprotekta ng datos at pagtalima sa mga etikal na alituntunin tungkol sa pagkalap at paggamit ng mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga kalahok, paghingi ng pahintulot at pagprotekta sa pagiging kompidensiyal ng mga

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

impormasyon ay nagawang ipakita ng mananaliksik ang pagsunod sa tamang pagsasagawa ng pag-aaral nang may mataas na konsiderasyong etikal at pagiging responsable. Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang nakatitiyak sa mga karapatan at kaligtasan ng mga kalahok, kundi nakatutulong din sa pangkalahatang kredibilidad at integridad ng mga natuklasan sa pag-aaral.

**Treatment of Data.** Ang mga quantitative na tugon ay tinally at tinabulate. Ang mga datos ay isinailalim sa istatistikal na pagsusuri gamit ang mga sumusunod na instrumento: Ginamit ang Simple Percentage upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa bago at pagkatapos gamitin ang teknik na read-aloud na may kasamang pagtatanong. t-Test of Mean Difference ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa baitang 9 bago at pagkatapos gamitin ang teknik na read-aloud na may kasamang pagtatanong.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Hanay 1**
**Panimulang Pagganap ng mga Mag-aaral Bago ang Interbensyon**

| Saklaw ng Iskor | Paglalarawan | Dalas | % |
|---|---|---|---|
| 28–30 | Napakahusay | 0 | 0.00% |
| 21–27 | Mahusay | 0 | 0.00% |
| 14–20 | Katamtaman | 0 | 0.00% |
| 7–13 | Medyo Mababa | 17 | 48.57% |
| 0–6 | Mababa | 18 | 51.43% |
| **Kabuuan** | | **35** | **100%** |
| **Timbang na Mean** | **6.37** | **Mababa** | |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Ipinapakita sa Hanay 1 ang panimulang pagganap ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon. Makikita na karamihan sa mga mag-aaral ay may mababang antas ng pagganap, kung saan 18 o 51.43% ang napabilang sa kategoryang mababa, at 17 o 48.57% naman ang nasa medyo mababa na antas. Walang mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa mga kategoryang katamtaman, mahusay, at napakahusay. Ang timbang na mean na 6.37 ay may katumbas na deskriptor na mababa, na nagpapahiwatig na bago ang interbensyon, ang mga mag-aaral ay may limitadong kasanayan o pag-unawa sa mga konsepto ng aralin. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangang magsagawa ng mga mabisang estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang kanilang antas ng pagkatuto.

**Hanay 2**

**Pagganap ng mga Mag-aaral Pagkatapos ng Interbensyon**

| Saklaw ng Iskor | Paglalarawan | Dalas | % |
|---|---|---|---|
| 28–30 | Napakahusay | 1 | 2.86% |
| 21–27 | Mahusay | 31 | 88.57% |
| 14–20 | Katamtaman | 3 | 8.57% |
| 7–13 | Medyo Mababa | 0 | 0.00% |
| 0–6 | Mababa | 0 | 0.00% |
| **Kabuuan** | | **35** | **100%** |
| **Timbang na Mean** | **21.97** | **Mahusay** | |

Ipinapakita sa Hanay 2 ang pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon. Batay sa datos, kapansin-pansing tumaas ang antas ng kanilang pagganap kumpara sa panimulang resulta. Karamihan sa mga mag-aaral, 31 o 88.57%, ay napabilang sa kategoryang mahusay, samantalang 3 o 8.57% lamang ang nasa katamtamang antas, at 1 o 2.86% ang umabot sa napakahusay na kategorya. Walang mag-aaral ang napabilang sa medyo mababa at mababa na antas. Ang timbang na mean na 21.97, na may katumbas na interpretasyong mahusay, ay nagpapakita na naging epektibo ang isinagawang interbensyon

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang ginamit na estratehiya o programa ay nakatulong nang malaki sa pagpapataas ng kanilang pagkatuto at pag-unawa sa aralin.

**Hanay 3**

**Pagsusuri ng Pagkakaiba sa Panimulang at Panapos na Pagganap ng mga Mag-aaral**

| Grupo | Mga Marka (Mean) | Computed t | Critical t | Desisyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Panimula vs Panapos | Panimulang = 6.37 Panapos = 21.97 | 6.53 | 2.04 | Tanggihan ang Ho | May Makabuluhang Pagkakaiba |

Ipinapakita sa talahanayan ang paghahambing ng panimulang at panapos na pagganap ng mga mag-aaral matapos isagawa ang interbensyon. Makikita na ang mean ng panimulang marka ay 6.37, samantalang ang mean ng panapos na marka ay 21.97, na nagpapakita ng malaking pagtaas sa antas ng pagganap. Ang computed t-value na 6.53 ay mas mataas kaysa sa critical t-value na 2.04 sa antas ng kahalagahang 0.05. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis (Ho) at tinatanggap na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang at panapos na resulta. Ipinapahiwatig nito na naging epektibo ang ginamit na interbensyon sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral, na nagdulot ng positibong pagbabago sa kanilang kaalaman at kasanayan.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na ang pagganap ng mga mag-aaral ay malaki ang ipinagbago matapos ang isinagawang interbensyon. Mula sa mababang panimulang marka, kapansin-pansing tumaas ang kanilang antas ng pagkatuto sa panapos na pagsusulit, na umabot sa kategoryang "mahusay." Ang resulta ng pagsusuring estadistikal ay

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng panimulang at panapos na marka, na nangangahulugang epektibo ang isinagawang interbensyon sa pagpapahusay ng pagganap ng mga mag-aaral. Samakatuwid, maaring ipakahulugan na ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo—lalo na yaong nakatuon sa aktibong partisipasyon at aplikasyon ng natutunan—ay may malaking ambag sa pag-unlad ng kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignatura.

**Rekomendasyon**

1. Ipatuloy ang paggamit ng mabisang estratehiya sa pagtuturo na napatunayang nakapagpataas ng pagganap ng mga mag-aaral.

2. Hikayatin ang mga guro na isama ang mga interbensyong nakabatay sa aktibong pagkatuto upang higit na mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at pag-unawa ng mga mag-aaral.

3. Dapat magsagawa ng regular na pagsasanay o seminar-workshop para sa mga guro upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo.

4. Maaaring gamitin ang resulta ng pag-aaral bilang batayan ng mga administrador sa pagpaplano ng mga programa na naglalayong paigtingin ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

5. Bigyang pagkilala at insentibo ang mga gurong matagumpay na nakapaglapat ng mga epektibong interbensyon sa klase bilang inspirasyon sa iba.

6. Isulong ang kolaborasyon sa pagitan ng mga guro sa pamamagitan ng Learning Action Cell (LAC) sessions upang maibahagi at maipatupad ang mga matagumpay na praktika sa pagtuturo.

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

7. Hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na palawakin ang pag-aaral sa iba pang asignatura o paaralan upang higit na mapagtibay ang bisa ng mga interbensyong pang-edukasyon.

## ACKNOWLEDGEMENT

Nais kong ipahayag ang aking taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mga sumuporta at gumabay sa akin sa buong paglalakbay ng pagtatapos ng pananaliksik na ito. Una sa lahat, papuri at pasasalamat sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo, para sa Kanyang presensya, probisyon, proteksyon, at pag-iingat. Kay Dr. Jasmine B. Misa, ang aking tagapayo sa tesis, lubos ang aking pasasalamat sa kanyang hindi matitinag na suporta, mahalagang mga pananaw, at paggabay na naging malaking bahagi sa pagbubuo ng pananaliksik na ito. Ang iyong dedikasyon sa kahusayan at ang iyong mahabang pasensya sa paggabay sa akin sa mga kumplikadong bahagi ng proyektong ito ay tunay na kahanga-hanga. Ipinaaabot ko rin ang aking pasasalamat sa mga kaguruan ng Graduate Department ng Western Leyte College para sa kanilang karunungan, paghimok, at walang sawang pagtuturo na naging daan sa aking akademikong paglago. Ako'y lubos na nagpapasalamat sa mga miyembro ng aking Thesis Committee at Panel of Examiners na pinangungunahan ni Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo at Tagasulat ng Pre at Oral Examination panel, kasama sina Dr. Annabelle A. Wenceslao at Dr. Elvin H. Wenceslao para sa kanilang makabuluhang puna at mahalagang suhestiyon. Sa aking DepEd Ormoc Division Family sa pamumuno ni Dr. Carmelino P. Bernadas, PhD, CESO V, maraming salamat sa pagbibigay-pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral na ito sa aking paaralan. Sa aking pamilya sa Ipil National High School, sa pamumuno ng aming magiliw at maasikasong School Head na si Gng. Brenda P. Marolena, maraming salamat sa pagiging katuwang sa katuparan ng layunin ng pananaliksik na ito. Lubos kong pinahahalagahan ang kontribusyon ng aking mga kapwa guro sa Ipil National High School na naging kaagapay ko sa makabuluhang talakayan, tulong, at moral na suporta sa kabuuan ng pananaliksik na ito. Ang ating samahan ay naging dahilan upang maging

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

makabuluhan at kaaya-aya ang buong karanasan. Kay Ma'am Ma. Jeriza Matiga, ang Tagapamanihala ng District II, maraming salamat sa kanyang mga paalala, suporta, at sa pagbibigay sa akin ng pagkakataon na isagawa ang pag-aaral at higit pang umunlad sa propesyon. Sa aking pamilya, ang inyong walang kapantay na pagmamahal, pang-unawa, at paghimok ang nagsilbing haligi ng aking lakas. Ang inyong tiwala sa aking kakayahan ang nagsilbing patuloy na inspirasyon. Hindi maisasakatuparan ang pananaliksik na ito kung wala ang kolektibong suporta at paggabay ng lahat ng mga kahanga-hangang taong ito. Ako ay lubos na nagpapasalamat sa lahat ng pagkakataon at mga yaman na ipinagkaloob sa akin sa kabuuan ng akademikong paglalakbay na ito. Maraming salamat sa pagiging bahagi ng paglalakbay na ito at sa pagtulong sa akin na marating ang mahalagang tagumpay na ito.

## REFERENCES

[1] Ali, A. M., & Razali, A. B. (2019). A Review of Studies on Cognitive and Metacognitive Reading Strategies in Teaching Reading Comprehension for ESL/EFL Learners. English Language Teaching, 12(6), 94. https:/ /doi.org/10.5539/elt.v12n6p94

[2] Álvarez-cañizo, M., Cueva, E., Cuetos, F., & Suárez-coalla, P. (2020). Reading fl uency and reading comprehension in Spanish secondary students. 32(1), 75–83. https://doi.org/10.7334/psicothema2019.196

[3] Alyousef, H. S. (2006). Teaching Reading Comprehension to ESL / EFL Learners. Journal of Language and Learning, 5(1), 379–380.

[4] Amer, A. A. (1997). The effect of the teacher's reading aloud on the reading comprehension of EFL students. ELT Journal, 51(1), 43–47. https://doi.org/10.1093/elt/51.1.43

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[5] Badawi, A. M. M., Alnour, N. T. B., Alamin, M., & Sanhori, S. B. (2021). the Role of Reading Aloud Strategy on Improving Reading and Pronunciation for Efl Pupils At Private Basic Schools: Teachers Perspectives. LLT Journal: A Journal on Language and Language Teaching, 24(2), 461–470. https://doi.org/10.24071/ llt.v24i2.2910

[6] Bojovic. M. (2010). Reading Skills and Reading Comprehension in English for Specific Purposes. Serbia: University of Kragujevac, Faculty of Agronomy Cacak.

[7] Ceyhan, S., & Yyldyz, M. (2020) The effect of interactive reading aloud on student reading comprehension, reading motivation International Electronic Journal of Elementary Education, 13 (4), 421–431. https: //doi.org/10.26822/iejee.2021.201

[8] Duke, N. K., Ward, A. E., & Pearson, P. D. (2021). The Science of Reading Comprehension Instruction. Reading Teacher, 74 (6), 663–672. https://doi.org/10.1002/trtr.1993

[9] Dwiningtiyas, G. N., Sofyan, D., & Puspita, H. (2020). Teachers' Strategies in Teaching Reading Comprehension. JALL (Journal of Applied Linguistics and Literacy), 4 (2). https://doi.org/10.25157/jall.v4i2.3682

[10] Erler, L., & Finkbeiner. C. (2007). A Review of Reading Strategies: Focus on The Impact of First Language. In A. D. Cohen & E. Macaro (Eds.), Language learner strategies: Thirty years of research and practice (pp. 187–206). Oxford University Press.

[11] Faraby, I., & Kamaruddin, A. (2021). PERCEPTIONS OF EFL LEARNERS ON THE APPLICATION OF READING ALOUD TECHNIQUE IN LEARNING. 9(1), 53–64.

[12] HJ Wahid, J., & A. Thais, I. (2020). Chunking Strategy; in Enhancing Fourth Semester Students' Reading Skill at English Department of Muhammadiyah University. Jo-ELT (Journal of English Language Teaching) Fakultas Pendidikan Bahasa & Seni Prodi

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Pendidikan Bahasa Inggris IKIP, 7(1), 18-25. https://doi.org/10.33394/jo-elt.v7i1.2636.

[13] Huda, M., Ali, O., & Kartanegara, M. (2015). The Effect of Learning Strategy of Reading Aloud on Students' Achievement in The Subject of Islamic Studies at Secondary School in Semarang. International Journal of Education and Research. 3. 577-588.

[14] Ikhsan, M. K. (2017). THE ALTERNATIVE STRATEGIES FOR TEACHING READING. https://doi.org/10.24036/ komposisi.v18i1.6517

[15] Kieffer, M. J., & Christodoulou, J. A. (2019). Automaticity and Control: How Do Executive Functions and Reading Fluency Interact in Predicting Reading Comprehension? 1–20. https://doi.org/10.1002/rrq.289

[16] Kustaryo, S. (1988). Panduan Pengajar Buku Reading Teachniques. Jakarta: Proyek Pengembangan Lembaga Pendidikan Tenaga Kependidikan.

[17] McKeown, R. G., & Gentilucci, J. M. (2007). Think-Aloud Strategy: Metacognitive Development and Monitoring Comprehension in the Middle School Second-Language Classroom. Journal of Adolescent & Adult Literacy - J ADOLESC ADULT LITERACY, 51(2). 136-147. https://doi.org/10.1598/JAAL.51.2.5.

[18] Muhaimin, A. (2019). The Use of Reading Aloud Strategy to Improve Students' Fluency and Pronunciation Accuracy in Reading Skills of the Eighth Grade at Mts Nu Aswaja Tengaran in the Academic Year 2017/2018 [Unpublished Master Thesis]. English Education Department: State Institute for Islamic Studies (IAIN) Salatiga.

[19] Natsir, Y., & Anisati, A. (2016). The Matters in Teaching Reading Comprehension to EFL Students. Studies in English Language and Education, 3(1), 68. https://doi.org/10.24815/siele.v3i1.3390

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[20] Nunan. D. (1999). Second Language Teaching and Learning. Boston: Heinle Publishers.

[21] Nur, A. H., & Ahmad, D. (2017). Improving Students' Reading Skill through Interactive Approach at the First Grade of Sma N 1 Mare, Bone. ETERNAL: (English, Teaching, Learning, and Research Journal), 3(1), 44-56. https://doi.org/10.24252/Eternal.V31.2017.A5.

[22] Nurdianingsih, F. (2021a). Teachers' Strategies in Teaching Reading Comprehension. PROJECT (Professional Journal of English Education), 4 (2), 285. https://doi.org/10.22460/project.v4i2.p285-289

[23] Nurdianingsih, F. (2021b). TEACHERS ' STRATEGIES IN TEACHING READING. Project (Professional Journal of English Education), 4 (2), 285–289.

[24] Nurlaelawati, I., & Dzulqodah, S. (2014). READING ALOUD STRATEGIES IN READING ENGLISH TEXTS. 3 (2), 89– 99

[25] Okello, B. (2021). The Power of Read-ALoud. How to Perform an Effective Interactive Read Aloud. Notre Dame Center for Literacy Education. https://iei.nd.edu/initiatives/notre-dame-center-for-literacy-education/news/the-power-of-read-alouds-how-to-perform

[26] Paris, S. G., Lipson, M. Y., & Wixson, K. K. (1994). Becoming a Strategic Reader. In R. B. Ruddell, M. R. Ruddell, & H. Singer (Eds.), Theoretical Models and Processes of Reading (pp. 788–810). International Reading Association.

[27] Rachmawati, U. (2018). Reading Interest of Senior High School Students: a Case Study. Journal of Languages and Language Teaching, 6 (1), 17. https://doi.org/10.33394/jollt.v6i1.809

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

[28] Rasyid, F. (2015). Metodologi Penelitian Sosial Teori & Praktek (Pertama). IAIN Kediri Press.

[29] Rochman, M. (2018). The IMPORTANCE OF TEACHING READING: IMPROVING STUDENTS' READING COMPREHENSION IN EFL CONTEXT EMPHASIZED ON READING FLUENCY AND ACCURACY. JOURNEY (Journal of English Language and Pedagogy), 1 (1), 6–14. https://doi.org/10.33503/journey.v1i1.91

[30] Sahara, A., Bahri, S., & Erdiana, N. (2018). The Use of Reading Aloud in Teaching Reading Comprehension. Research in English and Education, 3 (June), 112–117.

[31] Sajid, M. K. M., & Fraidan, A. Al. (2019). Effectiveness of reading aloud strategies for inferential reading comprehension skills and text difficulties of saudi students at university level. International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering, 9 (1), 2983–2989. https://doi.org/10.35940/ ijitee.A9120.119119

[32] Sajid, M. K. M., & Kassim, H. (2019). The Effects of Reading Aloud Strategies on text Level Difficulties, Reading Proficiency and Reading Comprehension Skill. International Journal of Language Education and Applied Linguistics (IJLEAL), 9(1), 85-97. https://doi.org/10.15282/ijleal.v9.788.

[33] Sattar, S., & Salehi, H. (2017). The role of teaching reading strategies in enhancing reading comprehension INTERNATIONAL JOURNAL OF CURRENT LIFE SCIENCES THE ROLE OF TEACHING READING STRATEGIES IN ENHANCING READING. October.

[34] Senawati, J., Suwastini, N. K. A., Jayantini, Ni Gusti Agung Sri Rwa Adnyani', N. L. P. S., & Artini, N. N. (2021). THE BENEFITS OF READING ALOUD FOR CHILDREN: A REVIEW IN EFL CONTEXT. 8, 80–107. https://doi.org/10.15408/ijee.v8i1.19880

*******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*******************************************************************************************************

***************************************************************************************************************
[35] Wang, Y. H. (2016). Reading strategy use and comprehension performance of more successful and less successful readers: A think-aloud study. Educational Sciences: Theory & Practice, 16(5), 1789–1813. https://doi.org/10.12738/estp.2016.5.0116.

[36] Zaini, H., Bermawy, M., & Aryani, S. A. (2008). Strategi Pembelajaran Aktif. Yoyakarta Pustaka Insan Madani dan CTSD UIN Sunan Kalijaga.

***************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
***************************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

******************************************************************************************************

## AUTHOR'S PROFILE



**MS. RENICA M. SOLIS**

Renica M. Solis, born on June 05, 1995, in Ormoc City, Leyte, is a dedicated educator known for her commitment to nurturing continuous learning and empowerment among her students. Her journey in education began at Curva Elementary School, followed by her secondary education at Liloan National High School.

Renica continued her academic journey at Western Leyte College of Ormoc City, Inc. where she earned her Bachelor of Secondary Education in 2018. That same year, she passed the Licensure Examination for Teachers (LET), marking the official start of her teaching career.

Her commitment to lifelong learning led her to enroll in a Master of Arts in Education (MAEd) program, majoring in Filipino. She successfully completed the academic requirements for her MAEd in May 2025, driven by her diverse experiences and the support of different groups she encountered through her academic journey.

Currently, Renica is an esteemed Grade 9 teacher at Ipil National High School. Her dedication to education continues to inspire her students and peers, highlighting her unwavering commitment to making a meaningful impact on the educational landscape.

******************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

******************************************************************************************************